



**MGA PANGUNAHING PUNTO:** Anuman ang katayuan sa pagbabakuna, ang sinumang taong may sintomas ng COVID-19 ay dapat manatili sa bahay at ma-test (kung posible). Kapag **hindi** ginawa ang pagte-test o kung **positibo ang test**, dapat **mag-isolate** ang tao sa bahay at sundin ang ibang mga rekomendasyon.

\* **Ang nasasapanahaon sa mga bakuna (o up-to-date)** ay nangangahulugan na natanggap ng tao ang lahat ng dosis sa pangunahing serye at lahat ng inirerekumendang booster, kapag nararapat.

† **Ang mag-isolate** ay nangangahulugan na manatili sa bahay at lumayo sa ibang tao nang hindi bababa sa **5 araw** makalipas magsimula ang mga sintomas (o positibong test kung walang sintomas). Ang Ika-0 na Araw ay ang petsa ng pagkakaroon ng sintomas o positibong test (kung walang mga sintomas). Kung kaya, magsuot ng mask kapag kahalubilo ang ibang tao sa buong **10 araw**. Ang mga batang wala pang 2 taon ang edad at ang mga taong hindi puwedeng magsuot ng mask ay dapat may negatibong test sa oras o pagkatapos ng Ika-6 na Araw para makabalik, o manatili sa bahay hanggang sa Ika-10 Araw.

§ **Ang ibig sabihin ng mag-quarantine** ay manatili sa bahay at lumayo sa ibang tao nang hindi bababa sa **5 araw** makalipas ang pagkakalantad sa taong may COVID-19. Ang Ika-0 na Araw ay ang petsa ng huling exposure. Ang quarantine ay hindi na inirerekumenda para sa mga estudyante o kawani sa mga setting na ito, kung hindi sila nagpapakita ng sintomas.

¶ **Para sa mga edad 2 o mas matanda**, isalang-alang ang paggamit ng mga protokol ng Test to Stay, kung mayroon.



**BUOD NG MGA KAMAKAILANG PAGBABAGO**

**7/8/22: Maraming pagbabagong ginawa:**

- **Idinagdag ang “Day Camp”** sa pamagat
- **Tinanggal ang** rekomendasyon na pag-quarantine para sa mga taong nalantad sa mga setting na ito na hindi nasasapanahon sa mga bakuna laban sa COVID-19 at hindi pa nagkaroon ng COVID-19 sa huling 6 na buwan.
- **Idinagdag ang** rekomendasyon para sa mga nalantad na taong hindi nasasapanahon sa mga bakuna laban sa COVID-19 at hindi pa nagkaroon ng impeksyon sa COVID-19 sa nakalipas na 6 na buwan, ang pagpapa-test ay inirerekumenda sa lalong madaling panahon pagkatapos na matukoy ang exposure at muli sa pagitan ng Ika-3 hanggang Ika-5 Araw pagkatapos ng exposure, at isaalang-alang ang pagsusuot ng mask hanggang Ika-10 Araw.
- **Para sa mga nagpositibo**, idinagdag ang rekomendasyon na kung hindi puwedeng mag-mask (kabilang ang mga bata <2), dapat ay magnegatibo sa o pagkatapos ng Ika-6 na Araw para makabalik.

**6/14/22: Tinanggal ang** rekomendasyon na kahit na hindi inaatas ang pag-quarantine, inirerekumenda ang pagpapa-test sa Ika-5 Araw, at na dapat isuot ang mask kapag may nakakasalamuhang ibang tao nang buong 10 araw.

**6/10/22: Maraming pagbabagong ginawa:**

- **Nagdagdag ng** mga link sa Gabay ng CDC para sa kahulugan ng "nasasapanahon (up-to-date)" sa mga pagbabakuna laban sa COVID-19; binago ang footnote para maipakita ito. Tinanggal ang "hindi bakunado."
- **Tinanggal ang** patnubay na ang mga estudyante na nasa edad 12-17 taong gulang na nakumpleto ang kanilang pangunahing serye ng mga bakuna laban sa COVID-19 pero hindi pa nakakatanggap ng booster ay maaaring hindi na mag-quarantine. Isinama ang patnubay na ang mga estudyante na nasa edad 5-11 taong gulang na nakatanggap ng pangunahing serye pero hindi pa ang dosis ng booster ay maaaring hindi na mag-quarantine sa ngayon, hanggang sa simula ng 2022-2023 na pang-akademikong taon ng eskuwela.
- **Binago ang** time frame ng paggaling mula sa pagkakasakit sa COVID-19 mula 3 buwan at ginawang 6 na buwan; iyong mga gumaling mula sa COVID-19 nitong nakaraang 6 na buwan ay hindi kinakailangang mag-quarantine pagkatapos ng pagkakalantad sa malapitang pakikisalamuha sa isang indibidwal na may COVID-19.
- **Na-update ang** "Mga Sintomas ng COVID-19" para i-link ang gabay ng CDC sa mga sintomas ng COVID-19.
- **Nagdagdag ng** patnubay na ang mga batang wala pang <2 taong gulang at iyong mga hindi makakapagsuot ng mask ay dapat mag-quarantine o mag-isolate sa bahay nang buong 10 araw.

**4/14/22: Na-update ang disenyo** pero walang mga pagbabagong ginawa sa nilalaman.

**2/1/22: In-update ang** pamagat ng dokumento para isama ang mga pasilidad sa pangangalaga ng bata na nakaayon sa updated na patnubay sa pag-isolate at pag-quarantine ng CDC para sa mga pasilidad sa pangangalaga ng bata. Nagdagdag ng mga link sa pahina ng CDC tungkol sa mask para sa karagdagang impormasyon sa mga edad na dapat mag-mask (2 taong gulang pataas).